

OCEANA Protecting the World's Oceans

# Praymer ng Oceana Tungkol sa Munisipal na Katubigan at Hurisdiksyon ng mga Lokal na Pamahalaan Dito




## Panimula

Ang Praymer na ito ay naglalaman ng mahahalagang impormasyon tungkol sa Local Government Code at sa inamyendahang Fisheries Code na naglalaan ng 15-kilometrong munisipal na katubigan para sa mga artisanong mangingisda sa ilalim ng hurisdiksyon ng mga baybaying lungsod at munisipyo. Nakatuon ito sa kahalagahan ng lokal na awtonomiya, kalagayang panlipunan at pang-ekonomiya ng mga lokal na komunidad at munisipal na mangingisda, pangkalikasan na pagpapanatili, pambansang seguridad, at seguridad sa pagkain, gayundin sa mga karapatan ng mga mamamayan.

***SA PABALAT:***
Kuha ni © Christopher Heil

***SA PAHINANG ITO:***
Kuha ni © Syd Estaniol

**T** **Ano ang munisipal na katubigan?**

**S** Ito ang mga katubigan na 15 kilometro mula sa baybayin ng mga lungsod o munisipalidad. Kasama rito ang mga ilog, lawa, at tidal water sa munisipyo na hindi sakop ng mga protektadong lugar, pampublikong kagubatan, kagubatan na reserba, o pangisdaan na reserba.

---

**T** **Anong mga batas ang kaugnay sa proteksyon ng munisipal na katubigan?**

**S** Ang tungkulin na protektahan ang munisipal na katubigan ay matatagpuan sa mga sumusunod na batas:

- 1987 Konstitusyon:
  - Artikulo II, Seksyon 16 (Karapatan sa Balanse at Malusog na Kapaligiran)
  - Artikulo II, Seksyon 9 (Tungkulin na Itaguyod ang Makatarungan at Dinamikong Panlipunang Kaayusan)
  - Artikulo X (Lokal na Awtonomiya)
  - Artikulo XII, Seksyon 2 (Tungkulin na Protektahan ang Yamang-Dagat at Bigyan ng Prayoridad ang Subsistence Fishers)
  - Artikulo XIII, Seksyon 7 (Prayoridad Para sa Komunal na Pangisdaan)
- RA 7160 (Local Government Code ng 1991), Seksyon 16 at 17
- RA 8550 (Fisheries Code ng 1998), na inamyendahan ng RA 10654

---

**T** **Sino ang mga munisipal o artisanong mangingisda?**

**S** Ang mga munisipal o artisanong mangingisda ay ang mga nangingisda sa loob ng munisipal na katubigan gamit ang mga sasakyang-pangisda na hindi hihigit sa 3 gross tons ang bigat, o ang mga nangingisda nang walang gamit na sasakyang pangisda.[1]




**T** **Sino ang pinapayagang mangisda sa munisipal na katubigan?**


**S** Tanging ang mga rehistradong munisipal na mangingisda at kanilang mga kooperatiba na gumagamit ng mga sasakyang-pangisda na hindi hihigit sa 3 gross tons, o ang mga nangingisda nang walang sasakyang pangisda.

Pinagbabawal ang komersyal na mangingisda maliban sa ilang kundisyon na mahigpit dapat na sinusunod.

Tinukoy ang komersyal na pangisda sa ilalim ng *Philippine Fisheries Code* bilang pangingisda ng iba't ibang ulit ng isda sa pamamagitan ng pasibo o aktibong gamit para itinda, negosyo at tubo na labas sa sariling gamit o bilang laro o palakasan. Ito ay may iba't ibang uri ayon sa sumusunod:



**Maliit na komersyal na pangisda** – nangingisda sa pamamagitan ng pasibo o aktibong gamit at sasakyang pangisda na may bigat na 3.1 *gross tons* (GT) hanggang dalawampu (20) GT;



**Katamtamang antas ng komersyal na pangisda** - nangingisda sa pamamagitan ng aktibong gamit at sasakyang pangisda na may bigat na 20.1 GT hanggang isandaan at limampu (150) GT; at



**Malaking komersyal na pangisda** - nangingisda sa pamamagitan ng aktibong gamit at sasakyang pangisda na may bigat na mahigit isandaan at limampu (150) GT.


---

**T** **Ano ang kundisyon bago payagan ang mga komersyal na pangisda sa mga baybaying lungsod at munisipyo?**

**S** Bilang pangkalahatang alituntunin, bawal ang komersyal na pangisda sa loob ng municipal na katubigan maliban sa ilang mga nakasaad sa iba na mahigpit na ipatutupad ang mga rekisito:

S


Pinahintulutan ng munisipyo o lungsod sa pamamagitan ng pinuno ng lokal na pamahalaan, alinsunod sa nararapat na kautusan o ordinansa, ang panghuhuli ng mga maliliit at katamtamang laki na mga komersyal na pangisda sa bahagi ng munisipal na katubigan na may sukat na **10.1 hanggang labinlimang kilometrong tubig mula sa pampang** kung ang mga susunod na kasunduan at rekisito ay nasunod:




Walang komersyal na nangingisda sa municipal na katubigan na ang lalim ay pitong fathoms o mas mababaw pa. **Tandaan na ito ay dapat na pinagtibay ng The National Mapping Authority, ang tanging ahensyang binigyan ng kapangyarihang maglabas na naturang pagpapatibay.**



Ang gamit sa pangisda ay dapat na alinsunod sa mga patakarang itinakda ng Department of Agriculture. **Tandaan: Bawal ang hulbot-hulbot.**



Nagsagawa ng kaukulang konsultasyon sa pamamagitan ng public hearing kasama ang Municipal o City Fisheries and Aquatic Resources Management Council (M/CFARMC) has been conducted; at




Ang nagnanais na komersyal na sasakyang pangisda, ang may-ari nito, employer, kapitan at mga kawani ay pinagtibay ng mga kaukulang ahensya na walang nilabag sa *Fisheries Code*, batas pang-kalikasan at iba pang kaugnay na batas at alituntunin.

Dagdag dito, pinag-uutos ng RA 10654 at FAO 266 na isang kundisyon sa pagrehistro o renewal ng rehistro ng komersyal na sasakyang pangisda ang pagkakabit ng tracking device upang matukoy ang pagkakakilanlan nito at masundan ang kinaroroonan nito. Ang mga komersyal na pangisda na hindi sumusunod sa batas at FAO 266 ay hindi pinahihintulutang manghuli at mangisda.

**T** **Bakit binibigyan ng prayoridad ang munisipal na mangingisda sa munisipal na katubigan at bakit ito mahalaga?**


**S** Ang munisipal na katubigan ay nakalaan para sa munisipal na mangingisda alinsunod sa *Fisheries Code*.
Ang karapatang ito ay nakabatay sa prinsipyo ng social justice ng 1987 Konstitusyon, partikular sa Artikulo XIII, Seksyon 7, na nagsasaad na dapat protektahan ng Estado ang mga karapatan ng mga mangingisdang nanghuhuli ng isda at kumukuha ng iba pang yamang-dagat para sa pagkain nila at kanilang mga pamilya.


Kuha ni © Diuvs De Jesus

Sinasalamin nito ang prinsipyong, "Ang mga kapos sa buhay ay higit na binibigyan ng batas." Ang probisyong ito ay nagtitiyak na ang mga mahihirap at napabayaang mga mangingisda na umaasa sa katubigan para sa kanilang kabuhayan ay dapat na pinangangalagaan upang hindi sila mawalan dulot ng malakihang panghuhuli ng mga komersyal na pangisda.[2]

Ang munisipal na katubigan ay mahalaga dahil narito ang mga bahura, seagrass, at bakawan na pangitlugan at tirahan ng mga lumalaki pa lamang na mga isda. Sa pag-limita sa pagpasok ng komersyal dito, naiiwasan ang sobrang pangingisda at pagkasira ng naturang tirahan ng mga yamang-dagat.

Ipinakita ng mga pag-aaral, kasama ang ginawa ng *National Stock Assessment Program* (NSAP) ng *Bureau of Fisheries and Aquatic Resources* (BFAR) na lumalabis na ang panghuhuli sa nobenta porsyento (90%) ng iba't ibang stock natin ng isda na umaabot sa 190, kasama ang mga pangunahing mga uri ng isda at galunggong.[3] Pinatunayan ng kamakailang mga pagsusuri ng mga Fisheries Management Area na lumagpas na sa nararapat na hangganan ng huli ang mga pangunahing uri ng isda. Pinatatampok nito ang pangangailangan ng kagyat na pagprotekta sa munisipal na katubigan sa pamamagitan ng mga hakbang na batay sa syensya upang tiyakin ang pangmatagalang pangangalaga ng pangisdaan at yamang-dagat, at seguridad sa pagkain at kabuhayan.



**90% ng 190**

Ang mga suplay ng isda, kabilang ang mga pangunahing uri at galunggong, ay labis nang hinuhuli.

**T** **Bakit ibinigay sa mga Lokal na Pamahalaan ang panangagutan sa munisipal na katubigan?**

**S** Ang pagpapatupad ng batas pangisdaan sa loob ng munisipal na katubigan ay inilipat mula sa pambansang pamahalaan tungo sa lokal na pamahalaan. Ito ay nasa pananagutan ng mga lungsod at munisipyo, alinsunod sa 1987 Saligang Batas at ipinatutupad sa pamamagitan ng *Local Government Code* ng 1991. Ang pagsasalin ay ibinunga ng batayang prinsipyo sa Konstitusyon hinggil sa lokal na awtonomiya at sa sistema ng decentralization na naglalayong makabuo ng balangkas ng lokal na pamamahala na tumutugon ng kagyat at may pananagutan tungo sa mga lokal na komunidad na umaasa sa sarili at epektibong kaakibat sa pambansang pag-unlad.

Sa pamamagitan ng pagsakop ng mga baybaying lungsod at munisipyo sa pamamahala ng munisipal na katubigan, tinitiyak ng estado na ang mga lokal na awtoridad na higit na nakakaunawa sa mga partikular na pangangailangan at kalagayan ng kanilang mga komunidad ay epektibong mapapamahalaan at maipapatupad ang mga batas pangisdaan, mapapangalagaan ang kapaligiran, magtutulak ng sustainable na gamit ng mga rekurso ng katubigan, at mapoprotektahan ang mga kabuhayan ng kanilang mga mangingisda at iba pang nasasakupan nila.

---

**T** **Ano ang kapangyarihan ng mga lokal na pamahalaan sa loob ng munisipal na katubigan?**

**S** Sa ilalim ng *General Welfare Clause* ng *Local Government Code*, lahat ng lokal na pamahalaan ay binigyan ng kapangyarihang ipatupad ang mga ordinansa na nagtataguyod ng kalusugan, kaligtasan, pang-ekonomiyang pag-unlad, hustisyang panlipunan, kapayapaan at kaayusan, kabilang ang karapatan ng taumbayan sa isang balanse at malusog na ekolohiya. [4]

Ayon sa Section 149 ng *Local Government Code*, may natatanging kapangyarihan ang mga baybaying lungsod at munisipyo na magbigay ng pribilehiyo sa pangisdaan sa loob ng munisipal na katubigan; bagamat ang mga nakarehistrong mga organisasyon at kooperatiba ng mga mahihirap na mangingisda ang nararapat na mabigyan ng nasabing mga pribilehiyo. Sila rin ang nagbibigay ng lisensya upang makapanghuli ang mga sasakyang pangisda na hindi hihigit sa tatlong tonelada ang bigat, at may kapangyarihang usigin ang sinumang lumabag ng mga nasabing batas pangisda.

**T** **Ano ang ipinag-uutos sa mga lokal na pamahalaan kaugnay ng munisipal na katubigan?**

**S** Ang mga lungsod at munisipyo ay inaatasang ipatupad ang mga batas pangisdaan,[5] at bantayan at pamahalaan ang mga gawain sa pangisdaan sa kanilang nasasakupang munisipal na katubigan.[6] Ang lahat ng lokal na pamunuan ay may tungkuling ipatupad ang mga batas at regulasyon kaugnay sa polusyon at proteksyon ng kalikasan.[7] Kasabay nito, ang mga lokal na Sanggunian ay kailangang magpasa ng mga ordinansa para protektahan ang kalikasan at magtakda ng kaukulang parusa para sa mga gawaing nakakasira sa kapaligiran, tulad ng dynamite fishing at iba pang mapanirang pamamaraan ng pangingisda.[8] Bukod dito, binibigyang-diin ng DILG Memorandum Circular 2022-018 ang mahalagang papel ng mga lokal na pamahalaan sa pagbibigay ng pansin sa proteksyon ng kapaligiran bilang bahagi ng isinalin sa kanilang tungkulin nila sa kanilang nasasakupan. Inulit din dito ang tungkulin ng lokal na pamahalaan kaugnay ng *Environmental Impact Assessment Act* at iba pang kaugnay na mga batas.

---

**T** **Ano ang epekto ng patakarang nagpapahintulot sa komersyal na pangingisda sa munisipal na katubigan?**

**S** Malaki ang epekto ng polisiyang ito sa mga munisipal na mangingisda, sa nasasakupan ng mga lokal na pamahalaan, mga ahensyang nagpapatupad, at sa integridad ng ekolohiya. Ang pagpapahintulot sa mga komersyal na mangingisda sa loob ng 15-kilometrong munisipal na katubigay ay nagbubukas ng pinto para sa mas matinding kompetisyon mula sa mga komersyal na mangingisda. Maaari itong magdulot ng panganib sa kabuhayan at seguridad sa pagkain ng maliliit na mangingisda, kung kaya't nakakabahala ang idudulot na hindi patas na alokasyon ng yaman at banta sa sustainable na pamamahala sa pangisdaan.

Malala ang idudulot na problema kung gagawing lehitimo ang pagpasok ng komersyal na pangisda sa munisipal na katubigan.



**Pang-ekonomiyang Epekto**


- Ang pagtanggal ng pribilehiyo ng mga munisipal na mangingisda sa pangunahing gamit sa 15-kilometrong munisipal na katubigan ay banta sa kanilang kabuhayan na umaasa rito para sa kanilang mga batayang pangangailangan.

- Ang mas matinding kompetisyon mula sa komersyal na mangingisda ay maaaring magdulot ng labis na pangingisda, pagkaubos ng yamang dagat, at pagbagsak ng ating pangisdaan;
- Ang pagbaba ng kita at oportunidad para sa mga munisipal na mangingisda ay maaaring magpalala ng kahirapan sa mga baybayin at magpalawak ng agwat sa lipunan.




**Sa Lokal na Awtonomiya**

- Mawawalan ng kapangyarihan ang mga lokal na pamahalaan sa kanilang munisipal na katubigan, na magpapahina sa kanilang kapasyahang magpatupad ng mga alituntunin at pamahalaan ang mga yamang dagat.
- Ang mga lokal na ordinansa sa pangingisda, na nilikha upang protektahan ang karapatan ng mga munisipal na mangingisda, at isulong ang mga sustainable na gawi ay maaaring hindi na maipatupad. Hihina ang mga nasimulang mga hakbang para sa mayos na pamamahala ng pangisdaan.
- Hihina ang tiwala at paglahok ng mga lokal na komunidad sa pangisdaan dahil sa pagkawala ng kanilang bahagi sa lokal na pamamahala ng yamang dagat.



***Sustainability* ng Kalikasan**


- Ang pagpapahintulot sa komersyal na pangingisda ay maaaring magdulot ng matinding pagkasira ng karagatan tulad ng pagkasira ng mga tirahan ng isda at kawalan ng kontrol sa paghuli ng mga uri ng isda at yamang dagat na hindi dapat nakukuha. Nadadamay ang ibang mga uri ng isda at yamang dagat na hindi dapat nahuhuli dahil sa malakihang sakop ng komersyal na pangisda.
- Maaaring maantala o tuluyan nang mabigo ang mga pagsisikap na maipanumbalik ang masaganang pangisdaan.
- Ang pagtanggal ng kapangyarihan ng lokal na pamahalaan at mga munisipal na mangingisda sa pamamahala ng yamang dagat ay maaaring magresulta sa mas mahinang pagpapatupad ng mga batas para  pangalagaan ang karagatan at mga rekurso nito kung kaya't higit na hihina ang panlaban ng tao sa masamang epekto ng pagbabago ng klima at iba pang anthropogenic pressures.



**Sa Pambansang Seguridad at Pagtiyak sa Pagkain**

- Ang mga pangisdaan sa karagatan na humaharap sa labis na pangingisda at pagkasira ng mga tirahan nila sa ilalim ng dagat ay inaasahang haharap pa sa mas matinding pagkawasak hanggang sa tuluyan na itong bumagsak.
- Tuluyan nang malulugi ang mga munisipal na mangingisda dahil sa mas matinding kompetisyon sa munisipal na

- katubigan. Mawawalan na sila ng bahagi sa lokal na suplay ng pagkain at manganganib angseguridad sa pagkain ng bansa.
- Ang pagkawala ng yamang dagat na mapupunta sana munisipal na mangingisda ay magpapalala sa kaseguruhan sa pagkain sa mga kanayunan at iba pang lugar na dumaranas na ng kahirapan at kagutuman. Ito ay dahil karamihan ng mga huli ng mga komersyal na pangisda ay napupunta sa kalunsuran at mga sentrong bayan lamang.
- Ito ay maaaring magdulot ng pagkiling natin sa importasyon ng mga pagkaing mula sa karagatan para matugunan ang lokal na pangangailangan ng bansa. Mapipilitan tayong harapin ang mga biglaang pagtaas ng presyo ng mga pagkain at kawalan ng suplay mula sa pandaigdigang pamilihan.



**Sa *Monitoring, Control,* at *Surveillance* (MCS) *Initiatives***


- Mawawalan ng halaga ang mga reporma at mga hakbang upang mahigpit na mabantayan at makontrol ang pangingisda sa munisipal na katubigan kung pahihintulutan ang mga komersyal na pangingisda na pumasok dito. Kabilang dito ang paglalaglay ng vessel monitoring measures upang limitahan ang komersyal na pangingisda sa loob ng munisipal na katubigan, paggamit ng syensya para sa pamamahala ng pangisdaan, at pagsisimula ng electronic reporting systems at iba pa.

---

**T** **Gaano kalawak ang bahagi ng *municipal waters* sa Pilipinas na higit sa 7 fathoms ang lalim?**

**S** Batay sa bathymetric data mula sa *General Bathymetric Chart of the Oceans* (GEBCO), nasa 277,732.39 *square kilometers* o 90% ng kabuuang saklaw ng munisipal na katubigan sa Pilipinas ang may lalim ng higit sa 7 fathoms. Tanging 10% lamang ng kabuuang munisipal na katubigan ang mas mababaw rito.[9]

**Munisipal na Katubigan ng Pilipinas Kabuuang Lawak:**
308,611.92 sqm




*mula sa The General Bathymetric Chart of the Oceans (GEBCO), https://www.gebco.net/

**T** **Ano ang maaaring gawin para protektahan ang munisipal na katubigan at ang karapatan ng mga tao sa malusog at balanseng ekolohiya?**

**S** Narito ang ilang hakbang para makiisa sa proteksyon ng municipal waters:

- Hilingin sa inyong mayor, gobernador, kinatawan sa kongreso, at mga senador na tutulan ang mga hakbang na hindi binibigyang halaga ang mga karapatan ayon sa Saligang Batas ng mga munisipal na mangingisda na may pangunahing gamit sa munisipal na katubigan.
- Maglabas ng pahayag ng suporta para sa proteksyon ng munisipal na katubigan, kasama ang iba't ibang grupo at mga mangingisda.
- Tumulong sa pagpapalaganap ng kaalaman at pagkilos ng mga apektadong komunidad sa social media, pati na rin sa TV, radyo at iba pa.


Kuha ni © Diuvs De Jesus

## Mga Pinagmulan:


[1] Section 4, paragraphs 56 & 57, Republic Act No. 8550.
[2] Volume II, Deliberations of the 1986 Constitutional Commission. August 5, 1986 p. 709.
[3] Ferrer, A & Santacera, P. *A Report on the Round Table Discussion (RTD) on the Proposed Amendment of Republic Act No. 10654 with Fisheries Scientists and Researchers*.
[4] Section 16, Republic Act 7160.
[5] Section 17(b)(2)(i), Republic Act 7160 (Local Government Code).
[6] Department of Interior and Local Government Memorandum Circular 2018-59.
[7] Sections 389(b)(9), 444(2) and 455(2), Republic Act 7160 (Local Government Code). Department of Interior and Local Government Memorandum Circular 2022-018.
[8] Sections 447(a)(1)(vi)
[9] Please see: 7 Fathoms Calculation based on GEBCO at https://docs.google.com/spreadsheets/d/1UhrNvw9qj3nmndQjrANUzvmnAqw4ZfrC/edit?gid=225290613#gid=225290613; Karagatan Patrol: https://www.facebook.com/share/p/18o92DtVTG/ & FISHRIGHT Analysis: https://www.facebook.com/share/p/1Atzd7gJgp/

OCEANA Protecting the World's Oceans

oceana.ph oceana_ph ph.oceana.org